
# Mga Pangunahing Hakbang sa Pagbuo ng Isang Unyon


**Sa ilalim ng Pambansang Batas sa Ugnayan sa Paggawa, may karapatan ang mga manggagawa na bumuo ng mga unyon sa iba't-ibang mga paraan—ngunit ang boluntaryong pagkilala at halalan ng unyon sa NLRB ang mga pinakakaraniwan.**

## Mga Pangunahing Hakbang sa Pagbuo ng Unyon sa Pamamagitan ng Boluntaryong Pagkilala



1. Makipag-ugnayan sa isang organisador ng unyon o magsimula ka ng sarili mong unyon.
2. Papirmahin ang mayorya ng iyong mga katrabaho ng mga authorization card para sa unyon.
3. Hilingin sa iyong employer ang boluntaryong pagkilala.
4. Kung kikilalanin ng iyong employer ang unyon, maaari kang magsimulang makipagkasundo.
5. Kung tumatanggi ang employer mo na kilalanin ang unyon, maaari kang magpasa ng petisyon para sa halalan sa NLRB o maaari kang mag-welga para sa pagkilala.

## Mga Pangunahing Hakbang sa Pagbuo ng Unyon sa Pamamagitan ng Halalan sa NLRB



1. Makipag-ugnayan sa isang organisador ng unyon o magsimula ng sarili mong unyon.
2. Papirmahin ang hindi bababa sa 30% ng iyong mga katrabaho ng mga authorization card para sa unyon.
3. Magpasa ng petisyon para sa halalan sa NLRB.
4. Kung mapapanalunan ng unyon ang 50% + 1 ng mga boto, dapat makipagkasundo ang iyong employer ng tapat tungkol sa mga kondisyon sapaggawa.

Makipag-ugnayan sa Opisinang Rehiyunal ng NLRB na pinakamalapit sa iyo: go.usa.gov/xt3MU